



State of California-Health and Human Services Agency
Department of Health Care Services

P.O. Box 989009, West Sacramento, CA 95798-9009



XX/XX/XXXX

Mr. John Sample
1234 Sample Street
Anytown, CA 90000

Mahalagang balita tungkol sa iyong pangkalusugang coverage

Mahal na **John Sample**

Magandang balita! Ang bagong batas ng California, Senate Bill (SB) 75, ay nangangahulugan na makakakuha ka ng mas maraming benepisyong Medi-Cal. Ang ilang mga bata, na mas bata sa edad na 19, ay maaaring makatanggap ng mga full scope na benepisyo. Kung kuwalipikado ka, ang iyong mga restricted scope na benepisyong Medi-Cal ay magiging mga full scope na benepisyo.

Ano ang bagong batas?

Ang SB 75 ay isang bagong batas sa California. Nagbibigay ito ng full scope Medi-Cal sa mga batang wala pa sa edad na 19. At balewala ang iyong katayuan sa imigrasyon. Kailangan mo pa rin matugunan lahat ng mga patakaran sa pagiging narapat ng Medi-Cal. Ang SB 75 ay magsisimula sa o makalipas ang Mayo 1, 2016.

Ano ang full scope Medi-Cal?

Ang Medi-Cal ay nagbibigay ng libre o murang pangangalaga ng kalusugan para sa ilang taong nakatira sa California. Sinasakop ng full scope na Medi-Cal ang mahigit sa pag-aalaga lamang kapag mayroon kang emergency. Nagbibigay ito ng pag-aalagang medikal, dental, kalusugang pangkaisipan at paningin (mata). Sinasakop din nito ang pagpapagamot sa paggamit ng alkohol at droga, mga gamot na ino-order ng doktor mo at higit pa. Maaari kang matuto ng higit pa tungkol sa Medi-Cal sa www.dhcs.ca.gov.

Paano ko malalaman kung makakakuha ako ng full scope na Medi-Cal?

Makatangap ka ng abiso sa mail. Sasabihin nito sa iyo kung maaari kang makakuha ng mga full scope na benepisyong Medi-Cal.

Ano ang gagawin ko ngayon?

Walang mga pagbabago sa mga benepisyo mong Medi-Cal sa ngayon. Kaya huwag munang gumawa ng kahit ano. Dahil mayroon kang Medi-Cal, hindi mo kailangang punan ang bagong Medi-Cal na aplikasyon. Ngunit kapag nakakuha ka ng renewal packet sa mail, dapat mo itong punan. Makakakuha ka pa rin ng iyong mga restricted scope na benepisyo, bago magsimula ang bagong batas. Sa pagsapit o makalipas ang Mayo 1, 2016, maaari kang makalipat sa mga full scope na benepisyo. Maaaring hingin ng county ang impormasyon mo sa pag-renew. Anumang oras na may mga pagbabago sa impormasyon mo, siguruhing sabihin sa tanggapan ng county mo.

Dahil nakakatanggap ka ng mga serbisyong Medi-Cal ngayon, dapat ay mayroon kang Medi-Cal ID card. Tinatawag itong Benefits Identification Card (BIC). Ang BIC ay puting plastik na kard na may asul na sulat. Kailangang makita ng doktor, o klinika ang iyong BIC kapag nagpaalaga ka. Kaya laging dalhin ang iyong BIC sa mga pagbisita mo sa doktor. Kung wala ang BIC mo, mangyaring tawagan ang opisina ng county mo para sa bagong kard.

Paano ko gagamitin ang bago kong full scope na Medi-Cal?

Kailangan mong mag-enroll sa isang planong pag-aalaga sa kalusugan na pinamamahalaan ng Medi-Cal (planong Medi-Cal). Hanggang mag-enroll ka sa planong Medi-Cal, makukuha mo ang mga full scope na benepisyong mo sa pamamagitan ng bayad-para-sa-serbisyong Medi-Cal. Minsan ay tinatawag itong Regular na Medi-Cal. Sa Regular na Medi-Cal, maaari kang pumunta saanmang doktor, dentista o botika na tumatanggap ng Medi-Cal.

Sa planong Medi-Cal, dapat kang pumunta sa mga doktor na nagtatrabaho sa plano. Makakatanggap ka pa rin ng pag-aalaga kung mayroon kang emergency, o kung buntis ka. Ngunit sa planong Medi-Cal, maaari ka pa ring magpatingin sa espesyalista, makakuha ng pag-aalaga sa kundisyon o magpa-opera. Sasakupin ng planong Medi-Cal ang mga serbisyong ito, kung medikal itong kailangan. Sasakupin ng planong Medi-Cal ang mga serbisyong ito, kung medikal itong kailangan.

Ano ang planong pangkalusugang Medi-Cal?

Ang planong Medi-Cal ay isang planong pangkalusugang insurance na sumasakop sa mga serbisyo ng Medi-Cal. Nagtatrabaho ang plano kasama ng mga provider para matiyak na makuha mo ang mga kailangan mong serbisyo para manatiling malusog. Nagtatrabaho ang Medi-Cal kasama ng mga doktor mo para pangasiwaan ang pag-aalaga sa iyo. Kapag nasa planong Medi-Cal ka, karamihan ng iyong mga serbisyo para sa pag-aalaga ng kalusugan ay ilalaan ng plano.

Paano ako pipili ng planong pangkalusugang Medi-Cal?

Ang mga pagpipilian mo sa planong Medi-Cal ay depende kung saang county ka nakatira. Matapos kang lumipat sa full scope Medi-Cal, makakatanggap ka ng abiso sa mail. Ito ay humigit-kumulang 2 buwan. Sasabihan ka ng abiso tungkol sa mga napili mo. At sasabihan ka nito kung paano mag-enroll sa planong Medi-Cal. Tanungin ang doktor mo kung nagtatrabaho siya sa planong Medi-Cal sa inyong county. Pagkatapos ay makakapili ka ng planong Medi-Cal na iyon.

Paano ako makakakuha ng pag-aalaga bago ako ma-enroll sa Medi-Cal na planong pangkalusugan?

Sa buwang makatanggap ka ng full scope na Medi-Cal magkakaroon ka ng Regular na Medi-Cal hanggang naka-enroll ka sa planong Medi-Cal. Maaari kang pumunta sa kanino mang doktor na tumatanggap ng Regular na Medi-Cal. Para makahanap ng doktor, maaari kang maghanap sa Google, magtanong sa mga kaibigan, o magtanong sa doktor na dati mo nang napuntahan. Kapag tumawag ka sa tanggapan ng doktor, tanungin kung tumatanggap sila ng bagong mga pasyenteng “bayad-para-sa-serbisyo ng Medi-Cal”. Maaari mo ring gamitin ang online na listahan ng mga doktor na ito na nasa programang bayad-para-sa-serbisyo ng Medi-Cal:

<https://chhs.data.ca.gov/Facilities-and-Services/Profile-of-Enrolled-Medi-Cal-Fee-for-Service-FFS-P/nnz9-spdi>

Sino ang magiging doktor ko kapag ako ay nasa planong pangkalusugang Medi-Cal?

Maaaring kailangan mong pumili ng doktor na nagtatrabaho sa inyong planong Medi-Cal. Tanungin ang doktor mo kung nagtatrabaho siya sa planong Medi-Cal. Kung nagtatrabaho ang doktor mo sa planong Medi-Cal sa inyong county, maaari kang manatili sa doktor mo. Pagkatapos ay piliin ang doktor na iyon kapag nag-enroll ka sa plano.

Kung kailangan mo ng tulong, padadalhan ka ng planong Medi-Cal ng listahan ng mga doktor. Makakatulong din ang mga serbisyo ng miyembro ng plano. Kung hindi ka pumili ng doktor, pipili ang plano ng isa para sa iyo. Maaari kang magpalit ng doktor mo anumang oras. Tawagan ang linya ng mga serbisyong pang-miyembro ng iyong planong Medi-Cal.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita sa <http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/HCOCS/Enrollment/default.aspx>

Paano ang mga benepisyong dental?

Sa full scope Medi-Cal, makakakuha ka rin ng mga serbisyong dental. Makakakuha ka ng mga eksaminasyon, mga x-ray, paglilinis, pasta at marami pa. Kung nakatira ka sa Sacramento o Los Angeles County, makakatanggap ka ng packet sa mail para pumilin ng planong Dental Managed Care. Kung nakatira ka saanmang ibang county, ie-enroll ka sa programang bayad-para-sa-serbisyong dental. Tinatawag itong Denti-Cal. Kapag mayroon ka nang full scope Medi-Cal, padadalhan ka namin ng liham. Sasabihin nito sa iyo ang tungkol sa programang dental kung saan ka kasama.

Paano kung magiging 19 na ako?

Kung magiging 19 ka sa susunod na anim na buwan, maaari kang makatanggap ng full scope na Medi-Cal at maaaring mas marami kang mapagpipilian. Maaaring makapili ka kung mag-eenroll o hindi sa planong Medi-Cal. Depende ito sa kung saang county ka nakatira. Makakatanggap ka nga mga serbisyo sa Regular na Medi-Cal, kung hindi ka nag-enroll sa planong Medi-Cal.

Ano pa ang kailangan kong malaman?

Ang ilang tao ay maaaring hindi makapag-enroll sa planong Medi-Cal. Hindi ka makaka-enroll sa plano kung:

- Nakatira ka sa county na may mahigit sa isang planong Medi-Cal, **at**
- May bahagi ka sa gastos o may iba kang coverage sa kalusugan

Makukuha mo ang iyong mga full scope na benepisyo sa Regular na Medi-Cal.

Gagawin ba akong pampublikong charge ng paggamit ng full scope Medi-Cal?

Pananatiliing pribado ng Department of Health Care Services (DHCS) ang impormasyon mo. Gagamitin lang ng DHCS ang impormasyon mo para suriin ang pagiging nararapat mo sa Medi-Cal.

Hindi makakapagbigay ang DHCS ng payo sa pampublikong charge. Para sa fact sheet ng pampublikong charge, pumunta sa website ng United States Citizenship and Immigration Services (USCIS) sa: <http://www.uscis.gov/news/fact-sheets/public-charge-fact-sheet>. Kung may mga tanong ka pa, mangyaring tumawag sa immigration attorney o sa lokal mong tanggapan ng legal na tulong.

Marami pang impormasyon sa website ng DHCS sa: <http://dhcs.ca.gov/SB75>. I-click ang link ng Mga Madalas Itanong.

Sino ang matatawagan ko para sa karagdagang impormasyon o tulong?

Tumawag sa Helpline ng DHCS Medi-Cal. Ang tawag ay toll-free.
1-800-541-5555